



Housing Authority of the City of Los Angeles Department of Homeland Security's "Public Charge" Rule

Para sa mga kliyente ng HACLA,

Noong Miyerkoles, ika-14 ng Agosto 2019, naglabas ng pinal na desisyon ang Department of Homeland Security (DHS) tungkol sa "Inadmissibility on Public Charge Grounds," o mga batayan para madiskwalipika dahil sa iba't ibang kaso. Ang bagong panuntunan ay magiging epektibo simula ika-15 ng Oktubre 2019 at maaring matagpuan sa pagbisita sa "Final Rule" link ng www.uscis.gov/greencard/public-charge.

Ang mga impormasyon na nakasaad sa baba ay hindi dahilan upang isantabi ang inyong aplikasyon o hindi na ituloy ang pagsali sa programa, ngunit upang bigyang linaw ang inyong mga karapatan at mga hakbang na maaaring gawin.

Tandaan ang mga sumusunod ng mahahalagang paliwanag ukol sa iyong aplikasyon:

- Ang bagong panuntunan ay maaring makaapekto sa mga "noncitizen" o iyong hindi mga American citizen na gustong lumahok sa programa, mabago ang mga estado, o mapalawig o mabago ang kanilang nonimmigrant status.
- Isinasaad sa pagbabago na ipatutupad ng DHS na ang pagtanggap ng ayuda sa pabahay ay maaaring makaapekto sa aplikasyon ng sinuman na nagnanais na maging ligal na residente ng Estados Unidos.
- Ang bagong panuntunan ay walang kinalaman o koneksyon sa pagtanggap o partisipasyon sa Public Housing, Section 8, o Multifamily Housing Programs. Ang HACLA ay walang papel o partisipasyon sa pagpapatupad ng DHS "Public Charge" Rule.

Hinihikayat ng HACLA ang mga kliyente na gawin ang mga sumusunod:

- Huwag magpanik.
- Komunsulta sa mga mapagkakatiwalaan at kapita-pitagang immigration lawyer kung kinakailangan, tulad ng mga nakatala sa Community Resources Guides na galling sa Mayor's Office of Immigrant Affairs (www.lamayor.org/immigration).
- Basahin at pag-aralang mabuti ang Public Charge Rule sa pamamagitan ng pagbisita sa mga sumusunod na website:
 - U.S. Citizenship and Immigration Services
<https://www.uscis.gov/greencard/public-charge>
 - Immigrant Legal Resource Center
<https://www.ilrc.org/public-charge>
 - National Immigration Law Center
<https://www.nilc.org/issues/economic-support/lets-talk-about-public-charge-pif/>

Ang mga website link sa taas ay pawang "reference" lamang. Hinihikayat ng HACLA ang mga kliyente nito na humingi ng propesyunal na payong ligal para sa kanilang partikular na kalagayan. Ang mga tauhan ng HACLA ay hindi makapagbibigay ng payong ligal sa mga kliyente nito.